# AGHAM BAYAN



EDITORYAL

## Rebolusyon, sagot sa krisis ng bayan at kalikasan

LAGPAS SA DAANG-TAON, dinadanas ng mamamayang Pilipino ang pagsasamantala at pang-aapi sa ilalim ng imperyalismo, pyudalismo, at burukrata kapitalismo. Ito ang tatlong ugat na nagdudulot ng matinding kahirapan, pambubusabos, panunupil sa mamamayan kasabay ng pagwasak sa kalikasan at pagsaid sa likas-yaman ng Pilipinas. Sa kabilang panig, ang naghaharing iilan — ang mga lokal na burgesya komprador, panginoong maylupa, burukrata kapitalista kasabwat ang mga dayuhang kapitalista — ay nagkakamal ng napakalaking yaman at kapangyarihan. ▶ 2

**PERSPEKTIBA / 'Pagsasakang gerilya' at ang papel ng siyentista sa rebolusyong agraryo ▶ 4**

**SIYENSYANG HUKBO / Matagumpay na eksperimento sa halamang-gamot ▶ 8**

Reb Guerrero

## NILALAMAN

EDITORYAL / Rebolusyon, sagot sa krisis ng bayan at kalikasan **1**

PERSPEKTIBA / ‘Pagsasakang gerilya’ at ang papel ng siyentista sa rebolusyong agraryo **4**

SA ISANG TINGIN / Revolutionary offensives against plunderous mining operations, 2017 - 2025 **6**

PAGSULONG / Ambag ng mga rebolusyunaryong kabataang siyentista sa kilusang pagwawasto **7**

SIYENSIYANG HUKBO / Matagumpay na eksperimento sa halamang gamot **8**

ENE - MAR 2025 Newsbytes **9**

KULTURA **9**

RECAP / Kilos-protesta sa ika-56 na anibersaryo ng Hukbo, inilunsad sa UP Diliman **10**

*Ang Agham Bayan ay inilalathala ng **Liga ng Agham para sa Bayan (LAB)**, na may layuning pataasin ang kamulatan ng siyentistang Pilipino ukol sa mga isyung panlipunan. Nakatuon ito sa pagpapalaganap at paggamit ng agham para sa bayan at sa masang Pilipino, sa balangkas ng pambansang demokrasya at pagpapalaya.*

**EMAIL**
agbay_lab@protonmail.com

Ang reaksyunaryong eleksyon ay inaalok ng mga naghaharing uri na tila isang demokratikong pamamaraan upang piliin ang mga lider at mga opisyales ng gobyerno. Sa reaksyunaryong eleksyon, pinaasa at nililinlang ang mamamayan na magkakaroon ng pagbabago sa nabubulok na lipunang Pilipino. Sa esensya, isa lamang tabing at palamuti ang eleksyong ito upang makapagpatuloy ang lipunang mapagsasamantala at mapang-aapi.

### Tatlong ugat ng krisis

Patuloy na pinagsasamantalahan ng mga dayuhan at lokal na naghaharing uri ang mamamayan ng Pilipinas, habang inuubos din ang ating likas-yaman. Ang imperyalismong Estados Unidos, na kumokontrol sa ekonomiya at kalakalan, ay ang pangunahing sanhi ng kahirapan ng mga Pilipino. Ang mga dambuhalang korporasyon mula sa ibang bansa ay patuloy na nagdadambong sa ating bansa — sa kanilang mga dambuhalang minahan, plantasyon, at proyektong enerhiya — na tanging nagsisilbi lamang sa interes ng mga dayuhan at naghaharing iilan. Matingkad na halimbawa nito ang pangkabuuang kontribusyon ng pangmimina na may 0.70% lamang na ambag sa pangkabuuang *gross domestic product* (GDP). Ibig sabihin, halos walang pakinabang sa ekonomiya at mamamayan. Kalakhan din ng mga nangungunang minahang korporasyon sa Pilipinas ay pag-aari o sinusuportahan ng US, China, at iba pang dayuhan, habang lagpas sa 95% ng namiminang metallic mineral ay ibinebenta sa pandaigdigang pamilihan.

**Sa esensya, isa lamang tabing at palamuti ang reaksyunaryong eleksyong upang makapagpatuloy ang lipunang mapagsasamantala at mapang-aapi.**

Kasabay nito ang nagpapatuloy at atrasadong sistema ng pyudalismo, kung saan kontrolado ng iilang panginoong maylupa ang malalawak na lupain, pinagsasamantalahan ang mga magsasaka, at pinananatili silang nakagapos sa utang at kahirapan. Saksi ang taumbayan sa kaso ng panggigipit at pagpapataboy sa mga magsasaka sa Lupang Ramos sa Cavite; ng maintinding pangangamkam ng lupa ng mga magsasaka sa San Miguel, Iloilo; at ng komunidad ng mga Lumad sa South Cotabato at katabing probinsya sa Timog Mindanao na apektado naman ng Tampakan Gold-Copper Mining Project.

Ang mga burukrata kapitalista sa gobyerno ang nagpapahintulot at nagtatanggol sa mga negosyo, proyekto, at operasyon ng mga naghaharing uri dahil nakikinabang sila dito kasabay nang papakasasa nila sa kaban ng bayan.

Dominante ang kasalukuyang *mid-term elections* ng mga *political dynasty* (Marcos, Duterte, Romualdez, Villar, Tulfo, Yap, at iba pa) at mga malalaking negosyante (Co, Teravera). Nagpapatuloy naman ang paggamit ng dahas at pananakot

sa pamamagitan ng Philippine National Police at Armed Forces of the Philippines upang supilin ang pagkilos ng Pilipino para sa tunay na pagbabago at sa kanilang mga demokratikong karapatan.

Ginagamit ng naghaharing uri ang eleksyon bilang instrumento upang panatilihin ang kasalukuyang kaayusan. Sa kabila ng mga pangakong elektoral para sa pampulitikang reporma, ang tunay na pagbabago ay hindi makakamtan hangga't ang nananatili ang dominasyon at paghahari ng imperyalismo, pyudalismo, at burukrata kapitalismo sa bansa. Matagal nang kahingian ng mamamayang Pilipino ang pagbabago, ngunit malinaw na ang tanging solusyon sa problema ng Pilipinas ay hindi eleksyon, kundi rebolusyon! Ito ang daan sa isang makatarungan at malayang lipunan.

**Ang rebolusyonaryong programa**

Isinusulong ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP), kasama ang New People's Army (NPA) at sa pamumuno ng Communist Party of the Philippines (CPP), ang pambansa-demokratikong rebolusyon bilang natatanging solusyon sa tatlong salot ng imperyalismo, pyudalismo, at burukrata kapitalismo. Malinaw ang layunin ng ating rebolusyonaryong programa: tunay na repormang agraryo; pambansang industriyalisasyon; serbisyong panlipunan na natatamasa ng lahat; ekonomyang umaasa-sa-sarili; pangangalaga sa kalikasan; at marami pang iba. Nauunawaan rin natin na ang rebolusyon, ang tunay na pagbabago sa ating bansa, ay hindi kailanman mangyayari sa proseso ng simpleng pagboto, kundi sa armadong pakikibaka sa balangkas ng demokratikong rebolusyong bayan.

Napagtagumpayan na ng CPP, NPA, at NDFP ang ilang bahagi ng programang ito sa iba't ibang bahagi ng bansa, kung saan nakapagtatag ng mga base ng Pulang kapangyarihan. Sa mga erya na ito, nakakapagtayo ang masa ng mga sarili nilang paaralan na gumagamit ng kurikulum na angkop sa pangangailangan ng mamamayan. Nakakapagpatayo na rin ng mga renewable energy project sa ilang lugar para serbisyuhan ang pangangailangan ng komunidad. Sa kasalukuyang yugto ng digmaan, nakakapaglunsad din ang NPA ng mga hakbang-parusa laban sa mapanirang mga minahan, quarry, at megadam. Hindi malayong pangarap ang rebolusyon at makabuluhang pagbabago — nangyayari na ito, ngayon, sa kanayunan.

Hamon sa mga miyembro ng Liga ng Agham para sa Bayan na lumubog sa masang inoorganisa at sa batayang masa para magmulat, mag-organisa, at magpakilos para sa pambansa-demoktratikong rebolusyon. Maksimisahin ang panahon para sa tuloy-tuloy na paglakas ng ating rebolusyonaryong organisasyon. Higit pa sa aktibong paglahok sa mga kampanya sa kalunsuran, tumugon tayo sa panawagan na tumungo sa kanayunan para suportahan at lumahok sa armadong pakikibaka. Marami nang karanasan ang mga rebolusyonaryong siyentista't inhinyero sa paggamit ng kanilang kasanayan sa armadong pakikibaka, mula sa paggagamot ng kapwa Pulang mandirigma, hanggang sa pagpapaunlad ng produksyon ng masang magsasaka.

Siyentista't inhinyero ng bayan, lumahok sa pambansa demokratikong rebolusyon! Sumapi sa New People's Army! ▼





PERSPEKTIBA

# ‘Pagsasakang gerilya’ at ang papel ng mga siyentista sa rebolusyong agraryo

Cassandra Bigwas

ISA SA MGA PINAKAMASAYANG gawain ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ay ang gawaing produksyon kasama ang masa. Feeling ko minsan na mga bùhay na makina kami sa aming paghulma at pag-papaunlad ng mga sakahan. Sa pagsusulong ng rebolusyong agraryo, bukod sa pagtutulungan kasama ang masa para sa kanilang kabuhayan, nasusustini rin yunit namin ang pangangailangan sa Hukbo. Sa halip na bulok na praktika ng komersyalisadong agrikultura ng naghaharing-uri, pagsasakang gerilya at rebolusyong agraryo ang isinusulong ng Hukbo — at malaki ang papel ng siyentista rito!

**‘Guerilla farming’ laban sa monocrop farming**

Isa sa mga kapansin-pansin na suliranin sa kanayunan ay ang kultura at praktika ng monocrop farming — ang pagtatanim ng isang klaseng pananim lamang sa sakahan. Sa erya namin, talamak ang monocrop farming ng niyog, kaya ang pangunahing kabuhayan ng masa ay ang pagkokopra. Ibig sabihin, hindi nakakapagtanim ng ibang pananim ang isang magsasaka sa ilalim ng niyogan. Sa maraming pagkakataon, ito ay dahil pinagbabawalan ito ng panginoong may lupa (PML).

Dahil tenante – mga magsasakang walang lupa at nakikisaka lamang sa lupa ng mga PML – ang lumalahok sa produksyon, may hatian din ang kita sa pagkokopra. Dito, 50/50 ang hatian ng tenante at PML, at walang kontribusyon sa gastos at pagsasaka ang PML. Cash crop o produkto para ibenta rin ang turing ng magsasaka sa niyog. Kailangan ibenta at ipagpalit ito sa pera upang magamit niya sa kanyang pangangailangan.

Sa ganitong kalagayan, mainam na maimaksimisa ang mga sakahang hindi-nagagamit para gawin itong produktibong lupain. Mayaman sa lupang kaingin sa mga dalisdis ng kabundukan ang mga magsasaka sa erya namin, kaya napaisip kami: paano natin mapapahusay ang paggamit ng mga ito?

Noong binisita namin si Manong Tango, pinakita niya sa amin ang kanyang kaingin sa libis ng isang bundok. Mamamangha ka sa dami ng tanim niyang kamoteng kahoy! Kwento ni Manong Tango, bukod sa bilang pagkain, ibinebenta niya ang mga pananim niya rito para matulungan ang kanyang mga anak at apo. Problema lang, mapapansin agad namin na hindi pantay ang dami ng kamoteng kahoy sa itaas at ibaba. Ayon sa isang kasama naming agriculturist, nadadala ng agos ng tubig ang sustansya ng lupa pababa, kaya doon mas mayabong ang maraming kamoteng kahoy.

Pabirong tanong ng isang kasama, “Paano nga ba hindi ipapatag ang kaingin, na gagawin pa ring patag para sa mga pananim?”, sabay tawa ng iba. Dito namin sinimulan ang aming proyektong “guerilla farming” o pagsasakang gerilya — isang katagang inimbento namin pantapat sa monocrop farming ng naghaharing-uri.

Naisipan namin na gawan ng plano ng pagpapatag ang kaingin ni Manong Tango at iba pang kaingin sa lugar. Sa kaingin ni Manong Tango, sinimulan namin ang paggawa ng mga

bahagdan na sakahan o terraces. Nakakatulong ang terraces para hindi maipon lang sa baba ang lahat ng taba ng lupa, gayundin palaparin ang lupang sinasaka.

Gumamit kami ng isang A-frame (isang kasangkapang ginagamit para sukatin ang tarik ng dalisdis) na ginawa namin hango sa mga maninipis na punongkahoy. Unang beses kong magsukat ng lupa noon—ang saya rin pala nang ganito! Pagkatapos nito, nagtanim kami ng mga piraso ng kamoteng kahoy sa kada terrace mula taas hanggang baba. Kung tingnan mula sa malayo, parang nakagawa kami ng mini version ng Banaue Rice Terraces. Biro namin, "Kamoteng Kahoy Terraces" namin ito, sabay tawanan.

Sa kaingin naman ni Manong Ron, inaraw-araw namin ang gawaing produksyon para naman sa multicrop farming o pagtatanim ng iba't ibang klase ng pananim. Gumawa kami ulit ng terraces at nagtanim ng kamoteng kahoy, gabi, at iba pa, kung saan iba ang tanim sa kada terrace. Kumbaga, parang nagtanim kami ng bahaghari sa lupa! Ito rin ang kaalamang ibinahagi kay Manong Ron dahil hindi niya nagagamit ang lupa niya para taniman ng mga nakakain mismo ng pamilya niya. Ibinahagi din namin na mahalaga ang multi-cropping para sa sustansya ng lupa, pamamahala ng peste, at pagkakaroon ng ani sa iba't-ibang panahon. Tuwang-tuwa rin si Manang Mik, asawa ni Manong Ron, dahil nakita niya ang puspusang paglubog ng kababaihang Hukbo sa manwal na paggawa at produksyon.

Bakit namin tinawag na "guerilla farming" ang proyekto naming ito? Dahil pinapakitid ng reaksyunaryong estado at burukrasya ang kaalaman ng mga magsasaka, hindi naisasapraktika ng maraming mga magsasaka ang mga siyentipikong pamamamamaraan na ito labas sa rebolusyong agraryong isinusulong ng BHB at ng masa. Sa kanilang pagtutulungan, natuto si Manong Tango at Manong Ron ng iba't ibang paraan para pahusayin ang kanilang pagsasaka.

Noong binalikan namin ang aming guerilla farming, napaluha ako sa kasayahan sa ganda at lusog ng mga pananim. Napakinabangan din ng yunit namin ang tanim na kamoteng kahoy sa ginawa naming cassava rolls, na nagsilbing emergency food rin namin noong panahon ng sunod-sunod na bagyo.

## Edukasyong pang-agrikultura para sa pagsulong ng rebolusyong agraryo

Hangad natin na mapalaya ang masang magasasaka mula sa kawalan ng lupa at pagkalubog sa kumunoy ng kahirapan. Ang atrasadong kultura sa pagsasaka at kawalan ng lupa ay repleksyon ng isang ekonomiyang malapyudal. Habang sinisikap ng rebolusyon na maipamahagi ang lupa sa magsasaka, sisikapin din ng BHB na palaganapin at paunlarin ang mas abanteng kultura ng pagsasaka.


Mahalagang maisapraktika ng mga magsasaka ang hagdan-hagdang pagtatanim (o land contouring) at multicrop farming para sa mas mabisang magamit ang mga sakahan. Sa pagsasabay ng kampanyang edukasyon at kampanyang pagbawi ng lupa, magiging malaki ang ating mga hakbang sa pagsulong ng rebolusyong agraryo, ng BHB, at ng Pulang pamamahala ng mga rebolusyonaryo at masa sa kanayunan.

**Mula sa mga partikular na kaalaman sa larangan ng agrikultura at matematika, hanggang sa pag-asinta ng baril, may saysay ang iba't ibang tipo ng kasanayan sa buhay BHB.**

Mula sa karanasan ko, naging malinaw rin sakin na ang malaking ambag ng mga siyentista, inhinyero, at intelektwal sa kanayunan. Sa paglapat ng mga siyentipikong konsepto sa realidad ng buhay sa kanayunan, marami ang maitutulong natin sa masang magsasaka. Mula sa mga partikular na kaalaman sa larangan ng agrikultura at matematika, hanggang sa pag-asinta ng baril, may saysay ang iba't ibang tipo ng kasanayan sa buhay BHB.

Sa bulok na pamamalakad ng reaksyunaryong estado sa sitwasyon ng pagsasaka sa Pilipinas, walang ibang tugon kundi ang paglahok sa pambansa demokratikong re-bolusyon at pagsulong ng rebolusyong agraryo. Ang kagyat na panawagan sa lahat ng mga siyentista, inhinyero, at propesyunal — tumungo sa kanayunan, lumubog sa masang magsasaka, sumapi sa Bagong Hukbong Bayan!

# Revolutionary Offensives against Plunderous Mining Operations



PAGSULONG

# Ambag ng mga rebolusyunaryong kabataang siyentista sa kilusang pagwawasto

Ka Nunat   Miguel Esteban




KABILANG SA MGA pinakamasikhay at pinakamasigasig na kasapi ng Liga ng Agham para sa Bayan (LAB) ang mga kabataang mag-aaral ng agham, teknolohiya, inhenyeriya, at matematika na may bitbit na panibagong sigla sa rebolusyon. Ang mga kabataang rebolusyunaryo ay nag-aambag sa kasalukuyang kilusang pagwawasto upang tugunan ang mga internal na kahinaan, at palakasin ang ambag ng buong sektor ng agham at teknolohiya sa pagsusulong ng pambansa-demokratikong rebolusyon.

Binahagi ni Ka Charlie, isang mag-aaral ng agham at teknolohiya at kasapi ng isang balangay ng LAB sa kalakhang Maynila, ang kanyang mga repleksyon sa ilang suliraning kinakaharap sa pag-oorganisa at pagmomobilisa ng mga kabataang siyentista. "Isa sa mga tampok na isyung kinakaharap namin bilang parte ng pambansa-demokratikong kilusan ay ang petiburgesyang kultura na aming pinagmulan. Minsan, may kahirapan ang ilang mga kasamang bakahin ang mga liberal na tendensiya't aktitud sa loob ng organisasyon." Dagdag pa niya, "aktibo kaming nagpupursige para magsulong ng proletaryado at rebolusyunaryong kultura. Marami pang kailangang gawin, ngunit ipinagmamalaki ko kung ano na ang narating ng aming balangay. Naging mas bukas kami sa mga puna mula sa aming mga sarili at sa isa't isa."

Ang pagkilala sa mga kahinaan ito ay nagbunga ng makabuluhang pag-unlad sa praktika. Ang mga balangay ng kabataang siyentistang kasapi ng LAB ay aktibong nagsusulong ng mga kampanya para magmulat, mag-organisa, at magpakilos. Kitang-kita ito sa malawak na paglago ng kasapian nito sa kalunsuran. Ibinahagi ni Ka Milya, bagong kasapi ng LAB mula 2024, kung paanong mas higit pang naging determinado at pursigido ang mga kasama. "Nakita ko kung paano kami mas epektibong kumilos ngayon. Halimbawa, ang mga kampanyang aming binibitbit ay mas madaling nailalapit sa mga mag-aaral, at ang mga mag-aaral mismo ay handang tanggapin at gampanan ang mga gawain sa mga kampanyang ito – ibang-iba sa aming nakasanayang gawin noong nakaraang taon. At sa gitna ng malawakang mga kampanyang ito, nagagawa pa rin naming maglunsad ng mga internal na kampanyang pang-edukasyon para sa sama-samang pagpapaunlad ng aming ideolohikal na pundasyon bilang mga rebolusyunaryo," wika niya.

Ngunit ang pinakamalaking tagumpay ng mga balangay ng kabataang siyentista ng LAB ay ang mas pinaigting na suporta sa Bagong Hukbong Bayan. Mula sa pinansiyal at materyal na suporta, ang mga kabataang siyentista ay buong pusong nag-aambag at lumalahok sa primaryang uri ng pakikibaka, ang armadong pakikibaka. Ang iba rin sa kanila ay tumungo na mismo sa kanayunan para sumapi bilang mga Pulang mandirigma.

Ang kilusang pagwawasto pa rin ang primaryang usapin sa paparating na ginintuang anibersaryo ng LAB ngayong Disyembre. Ang mga kabataang siyentista ng LAB, na inarmasan ng determinasyon na ipagpatuloy ang digmang bayan hanggang sa tagumpay, ay handang gumampan ng natatanging papel sa paghubog ng hinaharap ng rebolusyon. ▼

SIYENSIYANG HUKBO

# Matagumpay na eksperimento sa halamang-gamot

[redacted] Nikola Magbanua

NAPAKARAMING BALAKID ANG gawaing medikal sa loob ng Bagong Hukbong Bayan: ang mga gamot na napakadaling hanapin sa botika ay kapos, hindi madaling makakuha, o sadyang wala; madalas, hindi talaga angkop ang sitwasyon sa panggagamot ng sugat at pag-aalaga ng mga pasyente. Dahil dito, palagiang hinahamon ang mga Pulang medik na maging mapamaraan, araling maigi ang mga sakit, at gamitin ang mga siyentipikong konsepto sa gawaing medikal.

Napasabak ang aming yunit sa isang engkwentro laban sa reaksyunaryong militar na nagresulta sa maraming kaswalti sa hanay ng kaaway. Ngunit sa gitna ng labanan ay nagtamo kami ng isang malubhang kaso ng *wounded-in-action:* si Ka Pascal, isang kasamang kapwa-medik, ay tinamaan ng balang tumagos sa kanyang hita. Kaya pa rin naman niyang maglakad, ngunit haharapin namin ang pagsubok ng regular na paglilinis ng sugat, para mapigilan ang impeksyon sa gitna ng malagihay at maruming kapaligiran. Lalo pa kaming pinahirapan ng mas pinatinding operasyon ng pasistang kaaway sa erya matapos ang nasabing engkwentro, kaya't hindi kami maaaring manatili nang mahigit sa isang araw saanman. Ang tanong: paano namin masisigurado ang tuluyang paggaling ni Ka Pascal



sa gitna ng ganitong kalagayan?

Sa madaling sabi: sa kolektibong pagsusumikap. Sa loob ng pitong linggo, nakapaglakad nang maayos at tuluyang gumaling ang tama sa hita ni Ka Pascal. Bukod sa mismong pagpupursige ni Ka Pascal na gumaling, isa ring malaking salik ng tagumpay na ito ay ang paggamit ng lokal na halamang-gamot sa paglilinis ng nasabing sugat.

Ginamit na noon ng platun ang tinutukoy na halaman (na tatawagin nating Halamang N, hango sa lokal na pangalan nito) sa isang malubhang kaso ng sugat sa paa ng isang kasamang naaksidente. Iminungkahi ng ilang mga lokal sa yunit na gamitin ang Halamang N para gamutin ang sumulpot na impeksyon. Kalaunan, naibsan ang pag-aalinlangan ng ilang miyembro ng kolektibong medikal nang mapatunayang mas epektibo ang Halamang N sa pagpigil ng impeksyon kaysa sa asukal, na hango naman mula sa suhestyon ng isang Kanluraning aklat pang-medikal.

Sa panahong ito, isa sa nakikitang problema sa paggamit ng Halamang N ay dapat palagi itong sariwa at sterilized bago gamitin. Ngunit paano kung nasa eryang walang Halamang N ang yunit, o kinakailangang palagiang maging makilos?

Upang maghanda sa nabanggit na sitwasyon, nagpasya ang aming kolektib na subukan kung ang Halamang N, na ihanda, pinakuluan at isinupot, ay magiging epektibo pa rin sa loob ng matagal na panahon (nang walang gamit na imbakang malamig o *cold storage*). Kusang-loob at handa namang maging bahagi ng eksperimento si Ka Pascal. Matapos ang mahigit isang linggo mula nang inihanda ang Halamang N, nakapagtanggal pa rin ito ng nana mula sa sugat, na nakatulong sa tuloy-tuloy na paggaling ni Ka Pascal. Ginawa ito kasabay ng regular na paglilinis ng sugat gamit ang pinaghalong tubig, sabong panlaba, at bleach.

Dahil sa eksperimentong ito, nagawa naming paunlarin ang praktika sa paggamit ng Halamang N, na napakinabangan hindi lamang ni Ka Pascal, kundi pati na rin ng iba pang mga kasama sa hinaharap.

Ipinapakita lamang ng halimbawang ito ang pakinabang at kahalagahan ng kasanayan sa agham sa pagbibigay-solusyon sa mga problema, gaano man kaliit o kalaki, sa loob ng sonang gerilya. Bilang mga siyentistang nagsusulong ng pambansa-demokratikong rebolusyon, marami tayong maibabahagi lalo na sa armadong pakikibaka. Kaya't ano pang hinihintay mo? Tara na, sumapi sa BHB! ▼

ENE - MAR 2025

# Newsbytes

**Pagtitipon ng mga tanggol-kalikasan sa Davao.** Inilunsad ang Asdang! The 5th Environmental Defenders Congress National Gathering sa Davao City noong Enero 27-29 para tipunin ang mga makakalikasang grupo at organisasyon. Halos isang daang katao ang lumahok sa pulong na ito, kabilang ang mga siyentista, katutubo, mangingisda, at taong simbahan.

**STEM community ng Diliman para sa pag-*impeach* kay Sara.** Naglunsad ng isang kilos-protesta ang ilampung estudyante at faculty mula sa larangan ng agham at inhenyeriya sa UP Diliman College of Science noong Enero 30 para manawagan na i-*impeach* si Sara Duterte. Binatikos dito ang kaduda-dudang pagwaldas ng pera ng bayan ni Duterte at iba pang mga tiwaling opisyal, at ang mga budget cut sa mga pampublikong unibersidad.

**Buong detalye ng kontrata ng Comelec at Miru, pinapasiwalat.** Naghain ng petisyon sa Korte Suprema ang mga miyembro ng Right to Know, Right Now Coalition noong Pebrero 13 para utusan ang Comelec at Miru Systems na ilabas ang detalye ng kanilang kontrata. Nagmula ito sa pagtanggi ng Comelec na ibahagi ang impormasyon ukol sa pag-alis ng isang local partner ng Miru noong nakaraang taon, at paano maaring maapektuhan ang parating na reaksyunaryong eleksyon.

**Panawagan para sa hybrid election system.** Naglunsad ng kilos-protesta ang mga grupo sa ilalim ng Kontra Daya sa tapat ng opisina ng Comelec sa Maynila noong Marso 27 para kundenahin ang tuloy-tuloy na pagpapatupad ng automated election system. Nanawagan ang mga eksperto mula sa Computer Professionals' Union para sa manwal na pagbilang ng mga balota bago ang pagpapadala ng datos bilang hakbangin laban sa dayaan sa eleksyon.

KULTURA / TULA

# Mandaragit

Ka Layag

Sa gubat ng semento't bakal
Laging nagmamasid, lumilipad
ang ibong mandaragit na ngala'y—
Kapital

Araw-araw ay dama ko ang kanyang tuka
Na kinakayod, kinakaskas
Ang kubang likod ng manggagawa

Sa pagpagaspas ng kanyang pakpak
At palahaw ng makina
Nadirinig ko ang hudyat ng 6-9 shift
Ng kaniyang katakawan't ganid
Dilat at nanlilisik, nagbabantay sa daloy ng salapi—
ng laman, dugo, at pawis

Ngunit akala ata ng mandaragit
Na manggagawa'y kimi
Na malumanay na magpapalamon
Sa bituka nitong halang at sala-salabid

**WELGA!** —ang pipilay sa halimaw
At masa ang punglo na bubulag sa kaniya
Kabundukan ang yayakap sa manggagawa
Sa kanayunan, paroroon siya sa digmang bayan
Sa tangang baril, tiyak na babagsak
Mula sa langit, sa lupang dinambong
Dugo ng kaaway ay dadanak

At sa lumagapak na ibong mandaragit
Ang maso ng proletaryo'y nagngingingit
Nag-aabang, nasasabik!
Na basagin ang bungo't lipulin
Sa apoy ng digmaang yari
Ang supertubo,
Ang pananamantala —
**Ang Uri**

*Patunay ang tagumpay ng mga nagdaang welga ng patuloy na lumalakas na kilusang manggagawa.*

*Makiisa sa mga manggagawa! Makipamuhay sa pabrika't lansangan, tumungo sa kanayunan, sumapi sa Bagong Hukbong Bayan!*

RECAP

# Kilos-protesta sa ika-56 na anibersaryo ng Hukbo, inilunsad sa UP Diliman

Gaea Sumulong LAB National




NAGLUNSAD NG ISANG lightning rally sa University of the Philippines – Diliman ang iba't ibang rebolusyonaryong organisasyon sa ilalim ng Pambansang Demokratikong Prente ng Pilipinas noong Marso 30, 2025, para gunitain ang ika-56 na anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Kabilang sa mga lumahok dito ay ang mga kasapi ng Liga ng Agham para sa Bayan (LAB).

Sa isang maikling programa sa tapat ng Quezon Hall, binigyang-diin ni Trinidad Ramirez, tagapagsalita ng LAB, ang kawastuhan ng armadong rebolusyon sa gitna ng nagpapatuloy na krisis pang-ekonomya at pampulitika sa ilalim ng rehimeng US-Marcos. Inaanyayahan niya rin ang mga nakasaksi ng kilos-protesta na lumahok sa rebolusyon at sumapi sa BHB.

Bukod sa LAB, naging bahagi rin sa kilos-protesta ang Kabataang Makabayan (KM), Katipunan ng mga Samahang Manggagawa (KASAMA), Katipunan ng mga Gurong Makabayan (KAGUMA), Revolutionary Organization of Lumads (ROL), at Cordillera People's Democratic Front (CPDF). ▼







